

**LUNGSOD NG NATIONAL CITY
CITY COUNCIL
PAUNAWA UKOL SA WORKSHOP/PAGPUPULONG AT PAMAMAHAGI NG
INFORMASYON SA KOMUNIDAD**

PAUNAWA na ang Konseho ng Lungsod ng NATIONAL CITY, California, ay magdaraos ng Workshop/Pagpupulong at Pamamahagi ng Impormasyon sa NationalCity ONLINE ONLY MEETING – <https://www.nationalcityca.gov/webcast>
LIVE WEBCAST City Council Chamber, City Hall 1243 National City Boulevard, National City, California.

Sabado, Pebrero 5, 2022, sa ganap na 10:00 a.m. hanggang 12:00 p.m. (tanghali)
Noong Disyembre 21, 2021, bumoto ang National City City Council na baguhin ang paraan ng paghahalal ng mga miyembro ng City Council, lumipat mula sa malawakang halalan para sa mga miyembro ng City Council, lumikha ng mga distrito sa loob ng lungsod at magpatibay ng mapa ng hangganan ng distrito. Sinisimulan ng Lungsod ng National City ang proseso ng pagdidistrito gamit ang 2020 federal census data. Ilang pampublikong pagdinig anggaganapin mula Enero hanggang unang bahagi ng 2022. Isasama sa huling mapa ang input ng publiko at tutukuyin ang apat na hangganan ng distrito ng Lungsod. Ang mga linya ng hangganan ng distrito ay makakaapekto kung paano ihahalal ng mga residente ang kanilang mga miyembro ng konseho sa susunod na 10 taon.

Ang layunin ng workshop ay magbigay ng impormasyon sa publiko sa proseso ng pagdidistrito at kung paano magsumite ng mga draft na mapa para sa pagsasaalang-alang, gayundin upang makatanggap ng input at komento na isinumite ng publiko. Ang City Council ay magsasagawa ng pagpupulong ng komunidad at tatlong karagdagang pampublikong pagdinig upang makatanggap ng mga karagdagang komento mula sa publiko. Ang interpretasyong Espanyol ay makukuha sa bawat pagpupulong.

LAHAT NG MGA INTERESADONG PARTIDO AY INIIMBITAHAN na dumalo sa nasabing pagdinigat magpahayag ng mga opinyon sa mga bagay na nakabalangkas sa itaas. Ang mga komento ay maaaring isumite sa pamamagitan ng pag-email sa publiccomment@nationalcityca.gov o ipadala sa koreo sa atensyon ng CITY CLERK'S OFFICE, NATIONAL CITY Civic Center, 1243 National City Boulevard, NATIONAL CITY, CA 91950.

Magrehistro online at lumahok sa live na pampublikong komento sa araw at oras ng pulong
Kailangan mong magpa-rehistro sa website ng Lungsod sa <https://www.nationalcityca.gov/publiccomment> bagoang 8:00 a.m. sa araw ng pulong upang sumali sa Pagpupulong ng Konseho ng Lungsod. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay Shelley Chapel sa (619) 336-4228.
Shelley Chapel, MMC, Deputy City Clerk
Nai-publish ang The Star News Biyernes, Enero 28, 2022